

**Pagpapatuloy ng Pangangalaga sa County ng Contra Costa:**  
**ABISO SA PAGKAPRIBADO ng Sistema ng Impormasyon sa Pangangasiwa ng**  
**Mga Walang Tirahan (Homeless Management Information System o HMIS)**

IPINAPALIWANAG NG ABISO SA PAGKAPRIBADONG ITO KUNG SA ILALIM NG ANONG MGA SITWASYON MAAARI NAMING IBAHAGI AT IBUNYAG ANG IYONG IMPORMASYON MULA SA HMIS NG COUNTY NG CONTRA COSTA. IPINAPALIWANAG DIN NG ABISONG ITO ANG IYONG MGA KARAPATAN PATUNGKOL SA IYONG KUMPIDENSIAL NA IMPORMASYON.

**PAKISURI ITO NANG MABUTI.**

**Maikling Buod**

[May bisa 8/18/2020]

[Bersyon 2]

Inilalarawan ng abisong ito ang patakaran sa privacy ng [**Pangalan ng Ahensya ng Mga Walang Tirahan**]. Maaari naming amyendahan ang patakarang ito anumang oras at maaaring maapektuhan ng mga pag-amyenda ang impormasyong kinuha ng saklaw na organisasyon ng mga walang tirahan bago ang petsa ng pagbabago. Nangongolekta lang kami ng personal na impormasyon kapag naaangkop. Maaari naming gamitin o ibunyag ang iyong impormasyon upang bigyan ka ng mga serbisyo. Maaari din naming gamitin o ibunyag ito upang sumunod sa mga legal at iba pang obligasyon. Ipinagpapalagay naming sumasang-ayon kang pahintulutan kaming mangolekta ng impormasyon at gamitin o ibunyag ito ayon sa inilalarawan sa abisong ito, batay sa iyong pahintulot na ibinigay sa MAY-KABATIRANG PAHINTULOT NG KLIYENTE AT AWTORISASYON SA PAGLALABAS NG IMPORMASYON. Maaari mong siyasatin ang personal na impormasyon tungkol sa iyo na pinapanatili namin. Maaari mo ring hilingin sa amin na iwasto ang hindi tumpak o hindi kumpletong impormasyon. Maaari mo kaming tanungin tungkol sa aming patakaran o mga kasanayan sa pagkapribado. Sumasagot kami sa mga tanong at reklamo. Basahin ang buong abiso para sa higit pang detalye. Makakakuha ng kopya ng buong abiso ang sinuman kapag hiniling.

**Pagpapatuloy ng Pangangalaga sa County ng Contra Costa:**  
**ABISO SA PAGKAPRIBADO ng Sistema ng Impormasyon sa Pangangasiwa ng**  
**Mga Walang Tirahan**

**Buong Abiso**

[May bisa 8/18/2020]

[Bersyon 2]

Pakisuri nang mabuti ang abisong ito. Kung nahihirapan kang basahin ang abisong ito, mangyaring humingi ng tulong.

**A. Ano ang Sinasaklaw ng Abisong Ito**

1. Inilalarawan ng abisong ito ang patakaran at mga kasanayan ng [Pangalan ng Ahensya ng Mga Walang Tirahan]. Ang aming pangunahing opisina ay nasa [address, email/web address, telepono].
2. Sinasaklaw ng patakaran at mga kasanayan sa abisong ito ang proseso ng pinoprotektahang personal na impormasyon para sa mga kliyente ng [Pangalan ng Ahensya ng Mga Walang Tirahan].

Ang aming organisasyon ay nangongolekta at nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga indibidwal na nag-a-access ng aming mga serbisyo. Kumpidensyal na iso-store ang impormasyon sa isang lokal na electronic database na tinatawag na Sistema ng Impormasyon sa Pangangasiwa ng Mga Walang Tirahan ng County ng Contra Costa (Contra Costa County Homeless Management Information System o CCC HMIS). Ligtas na nire-record ng HMIS ng CCC ang impormasyon (data) tungkol sa mga taong nag-a-access ng mga serbisyo sa pabahay at mga walang tirahan sa County ng Contra Costa. Ipinapaliwanag ng Abiso sa Pagkapribadong ito kung paano namin pinoproseso ang kumpidensyal na personal na impormasyong kinokolekta namin tungkol sa iyo at sa iyong pamilya. Ang kumpidensyal na impormasyong ito ay tinatawag na Pinoprotektahang Personal na Impormasyon (PPI). Inaatasan kaming protektahan ang pagkapribado ng iyong PPI sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kasanayan sa pagkapribado na inilalarawan sa Abiso sa Pagkapribado na ito.

**B. Bakit Kami Nangongolekta at Nagbabahagi ng Impormasyon**

Kapag humiling o tumanggap ka ng mga serbisyo mula sa programang ito, manghihingi kami ng impormasyon tungkol sa iyo.

Ang impormasyong ito ay makakatulong sa ating patuloy na pahasayin ang mga serbisyo sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng:

1. Mahusay na pagkokoordina sa mga pinakamabisang serbisyo para sa iyo at sa iyong pamilya;
2. Mas mahusay na pag-unawa sa kawalan ng tirahan sa iyong komunidad;
3. Pagtatasa sa mga uri ng mga resource na kinakailangan sa iyong lokal na lugar; at
4. Pagsubaybay kung natutugunan ba ang mga pangangailangan sa iyong komunidad.

Sa pamamagitan ng pagkolekta ng iyong impormasyon para sa HMIS, nakagawa kami ng mga pinagsama-samang ulat sa istatistika na hiniling ng Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod (Department of Housing and Urban Development o HUD).

### **C. Ang Uri ng Impormasyong Kinokolekta at Ibinabahagi Namin sa HMIS**

Nangongolekta at nagbabahagi kami ng PPI at pangkalahatang impormasyong nakuha sa panahon ng iyong pagtatasa sa pag-intake, mga pagtatasa sa pakikipag-ugnayan habang gumagamit ng mga serbisyo, at mga pagtatasa sa paglabas, kasama na ang ngunit hindi limitado sa:

1. Pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan
2. Social security number
3. Petsa ng kapanganakan
4. Demograpikong impormasyon gaya ng kasarian at lahi/etnisidad
5. Kasaysayan ng kawalan ng tirahan at pabahay (kasama na ang kasalukuyang katayuan sa pabahay at saan at kailan na-access ang mga serbisyo para sa iyo at sa mga miyembro ng iyong pamilya)
6. Medikal na kasaysayang iniulat mo kasama na ang anumang isyu sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng substance
7. Mga tala at serbisyong nauugnay sa kaso
8. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng tagapamahala ng kaso
9. Mga pinagmumulan at halaga ng kita; mga benepisyong pangangalagang pangkalusugan; at mga benepisyong hindi cash
10. Katayuang beterano
11. Katayuan ng kapansanan
12. Bumubuo sa sambahayan
13. Pang-emergency na impormasyon sa pakikipag-ugnayan
14. Kasaysayan ng karahasan sa tahanan
15. Kasaysayan ng krimen

### **D. Paano Ginagawang Ligtas ang Iyong PPI sa HMIS**

Ang impormasyong ibibigay mo ay ilalagay sa isang computer program na tinatawag na Sistema ng Impormasyon sa Pangangasiwa ng Mga Walang Tirahan (Homeless Management Information System o HMIS). Pinapagana ang computer program na ito sa Internet at pinapamahalaan ng pangunahing ahensya ng HMIS sa County ng Contra Costa: ang Dibisyon ng Mga Serbisyo sa Kalusugan, Pabahay at Mga Walang Tirahan ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Contra Costa (H3). Ang ahensyang ito ay inatasan ng batas na panatilihin ang pagkapribado ng pinoprotektahang personal na impormasyon at bigyan ka ng abiso tungkol sa kanilang mga legal na tungkulin at kasanayan sa pagkapribado patungkol sa pinoprotektahang personal na impormasyon. Ang HMIS ay gumagamit ng maraming panseguridad na proteksyon upang tiyakin ang kaligtasan at pagiging kumpidensyal ng iyong impormasyon.

Ang iyong impormasyon ay pinoprotektahan sa pamamagitan ng mga password at teknolohiya ng pag-encrypt. Ang bawat user ng HMIS at kalahok na organisasyon ay dapat lumagda sa isang kasunduan upang mapanatili ang seguridad at pagkapribado ng iyong impormasyon at lumahok sa mga kurso ng pagsasanay upang matiyak ang proteksyon at seguridad ng iyong impormasyon. Kung lalabag sa kasunduan ang isang user ng HMIS o kalahok na organisasyon, maaaring wakasan ang kanilang mga karapatan sa pag-access at maaaring patawan ng mga karagdagang multa alinsunod sa mga naaangkop na batas sa pagkapribado ng estado at pederal na pamahalaan.

## **E. Paano Maaaring Ibahagi at Ibunyag ang PPI**

Maliban kung pinaghihigpitan ng iba pang batas, ang impormasyong kinokolekta namin ay maaaring ibahagi at ibunyag sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon:

1. Upang makapagbigay o makapagkoordinang mga serbisyo sa isang kliyente.
2. Para sa pagbabayad at pag-reimburse ng mga serbisyo para sa kalahok na organisasyon.
3. Para sa mga layuning pampangasiwaan, kasama na ang ngunit hindi limitado sa (mga) administrator ng sistema at (mga) developer ng HMIS, at para sa mga pagkilos na legal, pag-audit, pagkilos ng kawani, at pampangasiwaan at pamamahala.
4. Para sa paggawa ng PPI na inalisang pagkakakilanlan upang ibunyag sa isang third party.
5. Upang makipagtulungan sa isang opisyal na nagpapatupad ng batas para sa lehitimong layunin na nagpapatupad ng batas, na sumusunod sa mga naaangkop na batas at mga pamantayan ng etikal na asal, basta't ang nasabing pagbubunyag ay ang minimum lang na dami ng impormasyong kinakailangan para sa agarang layunin ng opisyal na nagpapatupad ng batas, at ang opisyal na nagpapatupad ng batas ay magbibigay ng dahilang naaayon sa batas para sa kahilingan (gaya ng isang warrant).
6. Ayon sa pinapahintulutan ng batas, para sa mga biktima ng pang-aabuso, kapabayaan, o karahasan sa loob ng tahanan.
7. Upang maiwasan ang malalang banta sa kalusugan o kaligtasan.
8. Para sa mga layuning akademikong pananaliksik ngunit hindi kailanman ilalathala sa isang makikilalang anyo.
9. Ang iba pang paggamit at pagbubunyag ng iyong PPI ay maaaring gawin sa pamamagitan ng iyong nakasulat na pahintulot.
10. Isang koroner, medikal na tagasuri o direktor ng punerarya para sa layunin ng pagkilala sa isang namatay na tao, pagtukoy ng dahilan ng pagkamatay, o iba pang mga tungkulin ayon sa pinapahintulutan ng batas.
11. Kung saan iniaatas ng batas ang pagbubunyag.
12. Upang makipagtulungan sa mga lehitimong kahilingan para sa data mula sa mga ahensya ng Estado ng California na gagamitin para sa pananaliksik, pagbuo ng patakaran, at/o paggawa ng mga warehouse ng data sa buong estado.
13. Para sa iba pang layuning naaayon sa natatanging layunin na pahasayin ang mga serbisyo ng pabahay at serbisyo sa mga walang tirahan na hindi makakabigat sa karapatan sa pagkapribado ng mga kliyente.

## **F. Pagbibigay ng Iyong Pahintulot para sa Pagbabahagi ng PPI sa HMIS**

Bukod pa sa pagbibigay sa iyo ng Abiso sa Pagkapribadong ito, kukunin namin ang iyong nakasulat na pahintulot sa pamamagitan ng isang Paglalabas ng Impormasyon maliban kung may nalalapat na pagbubukod. *Pagbubukod*: Sa isang sitwasyon kung saan nangangalap kami ng PPI mula sa iyo sa panahon ng pag-screen sa telepono, outreach sa kalsada, o pag-sign in sa access center ng komunidad, maaaring gamitin ang iyong pasalitang pahintulot upang ibahagi ang iyong impormasyon sa HMIS. Kung kukunin namin ang iyong pasalitang pahintulot, hihilingin sa iyong magbigay ng nakasulat na pahintulot sa panahon ng iyong paunang pagtatasa. Kung hindi ka pupunta para sa iyong paunang pagtatasa, mananatili sa HMIS ang iyong impormasyon hanggang sa bawiin mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng sulat.

Mayroon kang karapatang **hindi** magbigay ng pinoprotektahang personal na impormasyon sa isang ahensya. Maaari mong gamitin ang iyong karapatan sa pagkapribado sa pamamagitan ng hindi pagsagot sa alinman o sa lahat ng personal na tanong na itinatanong ng ahensya. Hindi ka aalisin ng mga serbisyo para sa hindi pagsagot ng mga tanong patungkol sa iyong pinoprotektahang personal na impormasyon, maliban kung iniaatas ng batas pederal na dapat ibahagi ang iyong data bilang kundisyon ng paglahok sa programa.

## **G. Paano Bawiin ang Iyong Pahintulot para sa Pagbabahagi ng Impormasyon sa HMIS**

Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras. Dapat ibigay ang iyong pagbawi sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng pagkumpleto sa *Form ng Pagbawi ng Pahintulot ng Kliyente*. Maaari kang tumanggap ng tulong upang kumpletuhin ang form na ito. Pagkatanggap sa iyong pagbawi, aalisin namin ang iyong PPI sa nakabahaging database ng HMIS at pipigilan ang paglalagay ng karagdagang PPI. Ang PPI na dati mong pinahintulutang ibahagi ay hindi ganap na maaalis sa database ng HMIS at mananatili itong maa-access sa limitadong bilang ng (mga) organisasyon na nagbigay sa iyo ng mga direktang serbisyo.

### *Ang Iyong Mga Karapatan sa Iyong Impormasyon sa HMIS*

Mayroon kang karapatang matanggap ang sumusunod, nang hindi lalampas ng limang (5) araw ng trabaho ng iyong nakasulat na kahilingan:

1. Pagwawasto ng hindi tumpak o hindi kumpletong PPI;
2. Kopya ng iyong form ng pahintulot;
3. Kopya ng kumpletong Abiso ng Pagkapribado ng HMIS ng CCC
4. Kopya ng iyong mga talaan sa HMIS; at
5. Kasalukuyang listahan ng mga kalahok na organisasyon na may access sa iyong data sa HMIS.

Inaatasan kaming ipaliwanag ang anumang impormasyong maaaring hindi mo nauunawaan (Mga Pamantayan sa Pagkapribado at Seguridad §4.2.5 ng HMIS). Maaari mong gamitin ang mga karapatang ito sa pamamagitan ng paggawa ng nakasulat na kahilingan, na isinulat mo o ng isang taong itinalaga sa iyong ngalan. Maaari mong i-email o ipadala sa koreo ang iyong nakasulat na kahilingan:

- I-email ang nakasulat na kahilingan sa: [H3REDteam@cchealth.org](mailto:H3REDteam@cchealth.org);

o

- Ipadala sa koreo ang kahilingan sa: H3 Research, Evaluation, and Data Team  
2400 Bisso Lane, Suite D, 2nd Floor  
Concord, CA 94520

### *Ang Iyong Mga Karapatan sa Pagkapribado Patungkol sa Iyong Impormasyon sa HMIS*

Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kang magpadala ng nakasulat na karaingan, na ikaw mismo ang nagsulat o isinulat ng isang taong itinalaga mo sa iyong ngalan, sa **[ilagay ang pangalan, email address, at/o mailing address ng ahensya]**. Ang ahensyang ito ay may responsibilidad na abisuhuan ang pangunahing ahensya ng HMIS (H3) tungkol sa karaingan sa loob ng 3 araw ng trabaho mula noong pagkatanggap. Hindi ka gagantihan para sa paghahain ng karaingan. Kung hindi ka nasiyahan sa paglutas sa iyong karaingan, maaari kang magpadala ng nakasulat na apela sa karaingan sa pangkat ng Pananaliksik, Pagtatasa, at Data sa [H3REDteam@cchealth.org](mailto:H3REDteam@cchealth.org). Kung kinakailangang iakyat ang reklamo/karaingan, dadalhin ito sa Komite ng Pangangasiwa ng Contra Costa para sa higit na pagsisiyasat. Susuriin ng Komite ng Pangangasiwa ang reklamo/karaingan at magbibigay ng mga rekomendasyon sa solusyon. Kung may makakamit na solusyon, isasara ang karaingan.

### *Mga Pag-amyenda sa Abiso sa Pagkapribadong ito*

Ang mga patakaran sa abisong ito ay maaaring amyendahan ng pangunahing ahensya ng HMIS anumang oras. Maaaring maapektuhan ng mga pag-amyendang ito ang impormasyong kinuha ng organisasyong ito bago ang petsa ng pagbabago. Ang mga pag-amyenda patungkol sa paggamit o pagbubunyag ng PPI ay malalapat sa impormasyon (data) na dating inilagay sa HMIS, maliban kung iba ang nakasaad. Ang lahat ng pag-amyenda sa abiso sa pagkapribadong ito ay dapat sumunod sa mga kinakailangan sa mga pederal na pamantayan sa pagkapribado ng HMIS. Ang organisasyong ito ay dapat magtabi ng permanenteng dokumentasyon ng lahat ng pag-amyenda sa abiso sa pagkapribado.